ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 6
Marso 21, 2018
www.philippinerevolution.info

## 15 kaswalti ng AFP at PNP sa Bicol, ST


HINDI BABABA SA 11 patay at apat na sugatan ang tinamong kaswalti ng mga sundalo at pulis ng pasistang rehimen mula sa matatagumpay na operasyong haras at isnayp ng BHB sa iba't ibang prubinsya ng Bicol at Southern Tagalog nitong nagdaang ilang linggo.

Sa Batangas, matagumpay na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan-Batangas (Eduardo Dagli Command o EDC) ang isang operasyong bomba-haras sa kampo-militar ng 59th IB sa Barangay Bulsa, San Juan, Batangas noong Marso 14, alas-3 ng madaling araw. Walo ang napatay at hindi mabilang ang sugatan na inilabas sa baryo gamit ang mga pribadong sasakyan.

Simula nang itayo ang kampo ng militar sa Barangay Bulsa noong Agosto 2017, nagsisilbi na itong gwardya sa napipintong *geothermal project* at malawakang pagsasapribado ng mga baybaying dagat na pipinsala sa bayan ng San Juan. Bago pa nito, sangkot na rin ang mga elemento ng CAFGU at upisyal ng 730th Combat Group Philippine Air Force (PAF) sa mga kaso ng pagnanakaw sa baryo at tangkang panggagahasa.

Sa Kanlurang Batangas, inilunsad din ang magkasunod na operasyong haras sa kampo ng CAFGU ng 59th IB sa Barangay Aga, Nasugbu noong Marso 3 at operasyong isynap sa nag-ooperasyong tropa ng PAF sa Barangay Patugo ng Balayan noong

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Itaguyod ang karapatang-tao laban sa terorismong estado

Ginugunita ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kasabay ng sambayanang Pilipino, mga lokal at internasyunal na organisasyon para sa karapatang-tao at para sa kapayapaan, ang ika-20 anibersaryo ng pagpirma sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Muling pinagtitibay ng Partido ang paninindigan nitong itaguyod ang mga probisyon ng CARHRIHL at tuparin ang mga responsibilidad nitong nakasaad dito. Upang gunitain ang ika-20 anibersaryo ng kasunduan, rerepasuhin ito ng lahat ng yunit ng BHB at gagamitin ang pagkakataon na tasahin ang kanilang praktika.

Mula 1998, ang pag-aaral sa CARHRIHL ay naging bahagi na ng saligang kurikulum sa programa sa edukasyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), gayundin ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Sa BHB, ang CARHRIHL ay itinuturing na pagpapalawig ng mas pundamental na Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina at Walong Bagay na Dapat Tandaan na naglalahad ng rebolusyonaryong pamantayan para sa lahat ng Pulang mandirigma.

Napapanahon ang paggunitang ito sa CARHRIHL sa harap ng pagtatangka ng rehimeng US-Duterte na siraan at ipitin ang mga rebolusyonaryong pwersa at mga tagasuporta nito sa pamamagitan ng deklarasyon nitong mga terorista ang PKP at BHB. Ang mahigpit na pag-

talima ng BHB at PKP sa CARHRIHL, gayundin sa internasyunal na mga tuntunin sa digma at mahahalagang protokol, ang patunay na malayo sa pagiging terorista ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Kabaliktaran ito sa gawi ng rehimeng US-Duterte na nagmamalaki pa sa pagsuway sa batayang mga tuntunin sa paggalang sa karapatang-tao at internasyunal na mga batas sa digma sa kanyang mga kampanyang panunupil sa mamamayan. Paulit-ulit na pinatunayan ni Rodrigo Duterte, kapwa sa kanyang salita at gawa, na ang kanyang rehimen ang numero unong terorista sa bansa.

Binibigyan ng CARHRIHL ang sambayanang Pilipino ng karagdagang suson ng proteksyong ligal sa pagsusulong nila ng kanilang mga demokratikong layunin. Ang CARHRIHL ay nagbibigay din ng dagdag na batayan sa pagtatanggol at pagsusulong ng kanilang mga karapatan sa larangang sosyo-ekonomiko, pampulitika at pangkultura.

Dumoble ang kabuluhan ng pagsusulong ng CARHRIHL sa pagdeklara ni Presidente Duterte ng GRP ng tahasang pagkamuhi sa karapatang-tao. Noong Nobyembre 2017, winakasan ni Duterte ang negosasyong pangkapayapaan sa NDFP at harap-harapang sinuway ang lahat ng naunang kasunduan, kasama ang CARHRIHL.

Bilang *commander-in-chief*, inutusan niya ang kanyang mga tropa na lubos na balewalain ang mga karapatang-tao at huwag pansinin ang mga patawag o pagsusumamo ng mga lokal o internasyunal na upisyal sa karapatang-tao. Hinahamak niya ang mga karapatang-tao at itinuturing iyon na sagka sa pag-unlad. Tahasan niyang isinusulong ang diktadura at paghaharing militar. Nagpataw siya ng batas militar sa Mindanao at pinulbos ang Marawi City para bigyan-daan ang komersyal at pangmilitar na interes ng US at mga kasosyo niyang burgesyang kumprador sa syudad.

Inutusan niya ang AFP na gamitin ang lahat ng sandatang panghimpapawid nito para "patagin ang mga bundok" at "bombahin ang mga eskwelahang Lumad." Binabantaang maging mini-Marawi ang mga komunidad sa kanayunan. Sinasabihan niya ang mga magsasaka at minorya na iwan ang kanilang mga bahay para bigyang-daan ang mga plantasyon, mina at reserbasyong militar. Sinusulsulan niya ang brutalidad at kalupitan sa pag-utos sa kanila na "barilin ang ari" ng mga babaeng mandirigma ng BHB at paghikayat sa mga sundalo na "dalhin ang ulo ng mga BHB sa timbang may yelo" para makuha ang P25,000 gantimpala.

Napakabangis ng gerang mapanupil na Oplan Kapayapaan, gera laban sa mga Moro at "gera sa droga." Mahigit kalahating milyong tao na ang napalayas sa kanilang tahanan, higit sa lahat ng rehimeng pagkatapos ni Marcos. Ang mga pwersa ng estado ang nasa likod ng ekstrahudisyal na pagpatay sa halos isandaang lider magsasaka, mahigit 20 unyonista at laksang mga aktibista.

Halos araw-araw na nadaragdagan ang listahang ito ng mga pasistang krimen sa pagsakop ng AFP sa mga baryo sa kanayunan sa ngalan ng "kapayapaan" na layong sindakin at patahimikin ang paglaban ng mga magsasaka at minoryang mamamayan.

Sa harap ng lahat ng kabangisan ng AFP sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, napakabigat ng pangangailangang ipaglaban ang paggalang sa karapatang-tao at pagkilala sa internasyunal na makataong batas. Katarungan ang sigaw ng mamamayang Pilipino sa lahat ng pasistang krimen ng AFP sa panahong nakalipas.

Tungo rito, magagamit ng sambayanang Pilipino ang CARHRIHL para palakasin ang kanilang pusisyon at mga kahilingan. Sa gitna ng madugong pasismo at kabi-kabilang pagpatay ng rehimeng US-Duterte, dapat igiit nilang tumalima ang GRP sa CARHRIHL at papanagutin si Duterte at lahat niyang upisyal sa malalang mga paglabag sa karapatang-tao tulad ng nakasaad sa kasunduan. AB


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 6 | Marso 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/cppinfobureau

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Itaguyod ang karapatang-tao laban sa terorismong estado 1

15 kaswalti ng AFP at PNP 1

Pagyurak sa CARHRIHL 3

Mga pekeng pagpapasurender 4

Ika-20 taon ng CARHRIHL 5

Teroristang pagbansag 5

Mga krimen ni Duterte 6

ScanEagle laban sa mamamayan 7

Mga pasistang hakbang 8

Rehabilitasyon ng Boracay 9

Pandarahas ng AFP 10

Ka Bendoy, martir ng Bicol 11

Martsa ng kababaihan 12

Protesta laban sa tiraniya 13

Buwan ng pakikiisa 14



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Pagyurak ng Oplan Kapayapaan sa CARHRIHL

Ang CARHRIHL ay isang makasaysayang kasunduan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng Government of the Republic of the Philippines (GRP). Nabuo ito sa negosasyong pangkapayapaan na nagsimula noong 1992. Ito ang unang kasunduan dahil inilalatag nito ang mga alituntunin ng gerang sibil o armadong labanan hanggang ang mga sosyo-ekonomiko at pampulitikang ugat ay maresolba sa mga kasunod na debate, negosasyon at kasunduan.

Pero mula nang pirmahan ito ng noo'y rehimeng US-Estrada, ni minsan ay hindi ito ipinatupad o ginalang man lamang ng reaksyunaryong estado. Binalewala ito ng sunud-sunod na mga rehimen sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga kampanyang mapanupil, mula sa mababangis na Oplan Batay Laya ng rehimeng US-Arroyo, tungo sa Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino.

Mula nang naging pangulo si Duterte, napakarami na niyang nagawang krimen laban sa mamamayan. Pinakatampok na paglabag nito sa karapatang tao ay ang pagkubkob sa mamamayan ng Marawi City. Kinukundena at kinamumuhian siya ng mamamayang Moro. Hanggang ngayon ay nasa mga sentrong ebakwasyon pa rin ang daanlibong mamamayan. Nais na nilang bumalik sa kanilang wasak na mga tahanan subalit tila mauunahan pa sila ng malalaking kumprador sa pag-uukopa kanilang mga lupa. Walang balak ang rehimen na tugunan ang katarungang kanilang inaasam-asam. Mismong ang mga biktima na ang kumikilos upang panagutin ang rehimen.

Nilabag din ng rehimen ang karapatan sa sariling pagpapasya ng mga katutubo at Moro. Pinapatay ang sinumang tumututol sa mapinsalang mina at plantasyon. Sinusunog ang mga kabahayan at eskwelahan ng mga Lumad. Sapilitang pinasusuko ang mga katutubong pinaghihinalaang kasapi ng BHB. Inookupa ang mga komunidad at naghahasik ng takot sa mga sibilyan.




Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, pinagpapaslang ng AFP-PNP-CAFGU, mga *death squad* ng rehimen ang mga aktibista na kasapi ng mga pambansa-demokratikong organisasyong masa. Biktima rin ng pamamaslang ang mga lehitimong tagapagtaguyod ng karapatang tao. Sinusugpo rin ng rehimen ang mga karapatan sa malayang pagpapahayag sa tangkang pigilan ang pagsisiwalat ng kabulukan nito. ng mga progresibong midya na layong isiwalat ang kabulukan at kawalanghiyaan ng rehimen.

Ang sumusunod ay ilan sa mga tampok na probisyon ng kasunduan na tuwirang nilalabag ng rehimen:

• Ang karapatan para mabuhay, laluna laban sa mga agarang pagpatay (pagsalbeyds), imboluntaryong pagkawala, masaker at walang pakundangang pambobomba sa mga komunidad, at ang karapatang hindi mapasailalim sa mga kampanya ng pang-uupat ng karahasan laban sa sarili

"15 kaswalti..." mula sa pahina 1

Marso 10. Dalawang sundalo ang napatay at ilan ang nasugatan mula sa magkasunod na aksyong militar na ito.

**Camarines Sur.** Dalawang magkasunod na operasyong isnayp ang matagumpay na isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan-Kanlurang Camarines Sur (Norben Gruta Command o NGC) ngayong Marso.

Napatay ng isnayper ng NGC ang paramilitar na si Jaime San Juan, mula sa distansyang 200 metro. Si San Juan ay aktibong elemento ng 22nd IB-CAA (CAFGU Active Auxillary). Naganap ito noong Marso 10, alas-10:10 ng umaga, sa Barangay Mabini, Del Gallego.

Sugatan naman ang dalawang elemento ng 22nd IB-CAA na sina Christian dela Peña at si Derick Ramos nang muling naglunsad ng operasyong isnayp ang NGC noong Marso 12, alas-7:35 ng umaga sa detatsment sa Barangay Casay, Lupi.

**Mindoro.** Inatake ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command o LdGC) ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Morente, Bongabong, Oriental Mindoro noong Araw ng Kababaihan.

Ayon sa LdGC, parusa ito laban sa mga nagsasagawa ng mga anti-sosyal na mga gawain laluna sa hanay ng maralitang kababaihan at kabataan sa bayan ng Mangyan na target sa operasyong militar ng AFP.

**Sorsogon.** Anim na mga operasyong haras ang inilunsad ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command) mula noong Pebrero 27 laban sa mga elemento ng PNP RPSB, 22nd IB-CAFGU at 31st IB. Pinakahuli ang operasyong haras noong Marso 19 laban sa detatsment ng 22nd-CAFGU sa Banwang Daan, Matnog, alas-11 ng umaga, kung saan dalawa ang sugatan sa hanay ng kaaway. AB

• Ang karapatan para maging malaya, partikular laban sa walang batayan at walang katwirang pang-aaresto at pagkakakulong at para epektibong magamit ang pribilehiyo ng *writ of habeas corpus*

• Ang karapatang hindi mapasailalim sa pisikal at mental na tortyur, solitaryong detensyon, panggagahasa at abusong sekswal, at iba pang hindi makatao, malupit at nakaaabang pagtrato, detensyon at pagpaparusa

• Ang karapatan para sa sustantibo at nasa tuntuning makatarungang proseso, ang ipagpalagay na inosente hanggang hindi napapatunayang nagkasala at laban sa pagdadawit sa sarili

• Ang karapatan para sa pantay na proteksyon ng batas at laban sa anumang anyo ng diskriminasyon sa batayan ng lahi, etnisidad, kasarian, paniniwala, edad, pisikal na kalagayan o estado sibil at laban sa anumang pang-uupat sa gayong diskriminasyon

• Ang karapatan sa malayang pagsasalita, pamamahayag, asosasyon at pagtitipon at paghahabol ng katarungan sa mga karaingan

• Ang karapatan na hindi mapasailalim sa pwersahang ebakwasyon, blokeyo sa pagkain at iba pang anyo ng blokeyo sa ekonomya at walang habas na pambobomba, panganganyon, istraping, pamumutok ng baril at paggamit ng mga mina

• Ang mga umiiral na karapatan ng mga komunidad ng minorya sa Pilipinas para sa awtonomya, para sa kanilang mga lupaing ninuno at likas na yaman sa mga lupaing ito, para makalahok at makakuha ng benepisyo mula sa positibong pagkilos, sa kanilang partisipasyon at representasyon sa buhay at mga institusyong pang-ekonomya, pampulitika at panlipunan at para sa pag-unlad sa kultura at lahatang panig na pag-unlad AB

# Panlilinlang at pananakot para sa pagpapalayas at pekeng pagpapasurender

Nitong Marso, ipinagmayabang ng AFP na nakapagpasurender na ito ng mahigit 4,000 mga Pulang mandirigma mula nang maupo si Rodrigo Duterte. Malaking bulto nito ay mga myembro diumano ng "lihim na organisasyong masa" na gustong lumahok sa mga programa ng estado. Malawakang panggigipit, panlilinlang at pananakot ang isinasagawa ng AFP para brasuhin sila para pumailalim sa Comprehensive Local Integration Program, ang programa nito sa pekeng pagpapasurender. Pinalalahok sila sa mga pulong at seminar na ipinapatawag ng mga sundalo at pinasasali sa mga pekeng organisasyong masa na kopya sa mga rebolusyonaryong asosasyon sa kanayunan.

Sa Agusan del Sur, kasama sa listahan ang 16 na myembro ng "Red Bagani Wild Dogs," isang grupong paramilitar na may mabibigat na krimen laban sa bayan. Kabilang dito si Calpito Egua, ang pinuno ng grupong pumatay kay Emerito Samarca, ang *executive director* ng eskwelahang Alcadev at dalawa pang lider-Lumad sa Lianga, Surigao del Sur noong Setyembre 2016. Nasa listahan din ang tatlo pa niyang kapamilya, gayundin ang dalawang paramilitar na Tejero at dalawa ring Bocales na pawang may mandamyento de aresto para sa pagpatay sa tatlong lider. Sa paglilista sa kanila bilang mga surenderi, nilinis ng AFP ang kanilang mga pangalan at ibinasura ang nakasampang mga kasong laban sa kanila.

Sa iba't ibang bahagi ng bansa, ipinapatawag ng mga yunit ng AFP ang mga residente na diumano'y mga rebolusyonaryong base. Pinapipirma sila sa mga blangkong papel at kinukunan ng larawan para pagmukhaing mga surenderi. Isa sa pinakahuling kaso ang "pagsurender" ng isang guro at dalawang myembro ng Misfi Academy sa Barangay Salvacion, Trento sa Agusan del Sur noong Marso 12. Alinsunod sa kanilang salaysay, ipinatawag sila ng mga sundalo ng 25th IB, kasama ang 70 pang sibilyan, sa munisipyo ng Trento. Dito, pinapirma sila sa mga blankong papel para diumano sa "attendance" at kinunan ng bidyo kung saan pinasabi sa kanila na "boluntaryo silang sumurender, salamat sa 25th IB." Binantaan silang hindi palalayain kung hindi sila sumunod.

May mga lugar din kung saan nagpapanggap na mga Pulang mandirigma ang mga elemento ng AFP para linlangin ang mga residente at bitagin sila para umaming kamag-anak o may kakilalang Pulang mandirigma. Sa Surigao del Norte, may naiulat na mga insidente na gumagamit ang AFP ng mga indibidwal na kamukha at kasingkatawan ng mga dating kumikilos bilang kumander ng BHB at pinuno ng milisyang bayan para mang-engganyong sumurender ang mga sibilyan. Sa Northern Samar, binantaan ng mga sundalo na "totokhangin" ang isang lider-magsasakang tumangging magpanggap na surenderi. Sa Masbate, napilitan ang mga taumbaryo na dumalo sa mga ipinapatawag na pulong ng mga sundalo sa takot na mabalingan sila ng militar. *(Tingnan ang detalye sa pahina 10.)*

Marami at paulit-ulit ang mga kaso ng pananakot at panlilinlang sa mga sibilyan para sa programa ng pagpapasurender. Hindi ito maitatago ang anumang palabas at pahayag ng AFP at Malacañang. Batid ng mamamayan na bahagi ito ng "todo-gera" laban sa kanila at sa rebolusyonaryong kilusan. AB

## Ika-20 taon ng CARHRIHL, ginunita

Ginunita noong Marso 16 ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan ang ika-20 taon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at nanawagan sa National Democratic Front of the Philippines at Government of the Republic of the Philippines na agad na ipatupad ang kasunduan at tugunan ang may 7,000 reklamo hinggil sa paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Mula nang maitayo ang Joint Monitoring Committee (JMC) noong Hunyo 2004 hanggang Marso 14, 2018, aabot na sa 4,886 na reklamo ang naihain laban sa GRP habang 2,012 naman kontra sa NDFP.

Sa isang pagtitipong inilunsad sa St. Scholastica's College sa Maynila, hinimok ng iba't ibang grupo si Rodrigo Duterte na magpokus sa pagtalima sa prinsipyo at pagtataguyod ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Anila, tila mas nakatutok pa ang rehimen sa pagdedeklara ng may mahigit 600 katao sa listahan nito ng terorista sa ilalim ng Human Security Act at pag-alis sa International Criminal Court.

Ang CARHRIHL ay bunga ng pagkakasundo sa una sa apat na sustantibong adyenda na inilatag ng dalawang panig. Ang mga ito ay ang karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, mga repormang sosyo-ekonomiko, mga repormang pampulitika at konstitusyonal, at pagwawakas ng labanan at disposisyon ng mga pwersa. Pinabilis ng CARHRIHL ang negosasyon sa maraming bahagi kahit pa ito'y mabagal at may kahirapan.

Nagpadala rin ng mensahe sa aktibidad ang tagapangulo ng *peace panel* ng NDFP na si Fidel Agcaoili, samantalang wala ni isang kinatawan mula sa GRP ang dumalo. Ani Agcaoili, napakaraming paglabag ng GRP sa CARHRIHL, kabilang na dito ang pagtutukoy sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan bilang mga teroristang organisasyon. Patuloy din, aniya, ang detensyon at pagdakip ng mga konsultant ng NDFP batay sa gawa-gawang kaso at krimen.

Positibong tinugunan ni Agcaoili ang panawagan para sa ganap na pagpapatupad ng CARHRIHL at muling pagharap sa usapang pangkapayapaan.

Bilang pakikiisa, naglunsad nang araw na iyon ng Black Friday protest ang Kabataan Partylist sa harap ng Ateneo de Manila, sa Katipunan Ave., Quezon City.

Nakiisa sa protesta ang mga organisasyon at tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa iba't ibang bahagi ng bansa bilang pagkundena sa pasistang paghahari ni Duterte at sa nagbabantang diktadurya nito. Mula sa Ateneo nagmartsa tungong UP Diliman sa Quezon City ang mga kabataang nakasuot ng itim.

Lumahok din sa protesta ang mga estudyante ng University of the East. Nagsindi ang mga mag-aaral ng libong kandila bilang pag-alala sa mga mamamayang nasawi dulot ng todo-gera ni Duterte.

Naglunsad rin ng katulad na protesta ang mga mag-aaral ng UP Baguio. AB


---

# Listahan ng mga "terorista," malisyoso at paninira

Sa petisyong inihain ng Department of Justice (DOJ) sa Manila Regional Trial Court noong Pebrero 22, humigit-kumulang 650 indibidwal ang inakusahang mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Ang listahan ay bahagi ng apela ng DOJ na ideklarang "terorista" ang PKP at BHB bunsod ng nauna nang deklarasyon ni Rodrigo Duterte.

Malisyoso at paninira ang naturang listahan. Walang anumang inilatag na batayan ang akusasyon sa daan-daang indibidwal. Marami sa mga pinangalanan ay mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon na aktibo sa paglaban sa tiraniya ni Duterte. Kabilang din sa mga tinukoy ay mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines sa usapang pangkapayapaan, mga lider-katutubo kasama ang ilang nakatatandang lider-Lumad, mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao at mga lider-kababaihan. Naglista rin ng mahigit 180 alyas para sa lahat ng iba pang arbitraryong aakusahan.

Maliban sa mga ito, isinama rin sa listahan ang ilang mga indibidwal na namatay na, gayundin ang mga *desaparecido* sa panahon pa ng nagdaang mga rehimen. Kabilang din ang mahigit sampung bilanggong pulitikal. Doble ring pinangalanan ang ilang indibidwal, at isinama pa ang pitong myembro ng paramilitar (kasama rin sa listahan ng umano'y



mga surenderi na BHB).

Inulan ng batikos sa loob at labas ng bansa ang nasabing petisyon ng DOJ. Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan, malinaw na atake ito at pagganti ng administrasyong Duterte laban sa mga kritiko ng kanyang kontra-mamamayang mga patakaran. Nagpahayag din si Satur Ocampo, dating kinatawan ng Bayan Muna at kabilang sa listahan, na arbitraryo, malisyoso, mapanganib at isang malaking kalokohan ang petisyon ng DOJ. Aniya, dahil sa naturang petisyon, ang mga nakalistang indibidwal ay ibinubukas sa pagmamanman ng pulis at militar, sa panggigipit at iba't ibang paraan ng pagbabanta.

Dagdag pa ni Cristina Palabay ng Karapatan, binibigyang-matwid at ginagawang normal ng gayong listahan ang pag-abuso ng gubyerno sa kapangyarihan nito upang supilin at patayin ang mga itinuturing nitong kaaway.

Samantala, ipinagtanggol ng kanyang mga kasamahan sa United Nations (UN) si Victoria Tauli-Corpuz, kasalukuyang UN Special Rapporteur on the Rights of Indigenous Peoples at dating Pangkalahatang Kalihim ng Cordillera People's Alliance. Isa si Tauli-Corpuz sa inakusahan ng DOJ. Sabi pa ni UN High Commissioner For Human Rights Zeid Ra'ad Al Hussein, mukhang dapat umanong magpatingin sa utak si Duterte.

Nakiisa rin sa pagtuligsa ang Bayan-USA, ang Aliansi Gerakan Reforma Agraria (Alyansa ng mga Kilusan sa Repormang Agraryo) ng Indonesia at ang Human Rights Watch mula sa USA, na nagsabing mistulang isang "hit list" ang naturang listahan.

Sa isang pahayag, sinabi ni Prof. Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng PKP at nakalista rin sa petisyon, na naglulunsad si Duterte ng hibang na anti-komunistang pagtugis upang patahimikin ang lahat ng kanyang kritiko at oposisyon sa kanyang malupit at korap na rehimen, at upang kumpletuhin ang kanyang pasistang diktadurya. "Si Duterte ang tunay na numero unong terorista sa Pilipinas," sabi pa niya.

Sa espesyal na isyu na inilabas ng *Ang Bayan* noong Marso 11, nanindigan ang PKP na walang batayang moral o pulitikal si Duterte para akusahan ng terorismo ang PKP at BHB. Ang petisyon ay "wala kahit gaalikabok na patunay na ang mga rebolusyonaryong gawa ng BHB ay mga gawaing terorista. Napakalawak na dagat ang pagkakaiba ng pagsusulong ng bayan ng armadong rebolusyon at pagpapakawala ng teroristang karahasan laban sa bayan."

Sa halip, tinukoy ng Partido ang brutal na "gera kontra droga" ni Duterte gayundin ang kanyang "todong gera" at batas militar sa Mindanao ang siyang nagdudulot ng "malawakang takot at kaguluhan ng tao." Dahil sa paghahari nito ng teror at tiraniya, mahigit kalahating milyon na ang napalayas sa kanilang mga tahanan upang bigyang daan ang mga reserbasyong militar, mga plantasyon at operasyon sa pagmimina. AB

## Mga krimen laban sa sangkatauhan ni Duterte

MULA NANG MAUPO si Rodrigo Duterte, walang tigil na ang kanyang paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga tuntunin sa digma ng kanyang mga armadong pwersa sa seguridad. Isa sa pinakamatitingkad niyang krimen ang pagpatay sa mahigit 13,000 sibilyan sa kanyang "gera kontra-droga" na nakasampa na ngayon para imbestigahan ng International Criminal Court.

Matingkad din ang walang awat na mala-henosidyong pambobomba niya sa Marawi City na nagresulta sa pagkawasak sa ari-arian, pagkamatay ng libu-libong sibilyan at pagkawala ng mas marami pa. Liban pa rito ang mga indibidwal na kaso ng pamamaslang, pambobomba at dislokasyon ng mga sibilyan sa ilalim ng kanyang "todo-gera" laban sa lumalabang mamamayan. Kabilang sa pinakamatitingkad niyang krimen ang sumusunod:

• Ang siyam na araw na pagtortyur at bigong pagpatay sa pamamagitan ng pagsunog sa dalawang aktibista noong Disyembre 6, 2017 sa Maco, Compostela Valley ng mga elemento ng 71st sa ilalim ng pamumuno ni Lt. Col. Esteyven Ducusin.

• Ang masaker sa walong Lumad na naninirahan sa Lake Sebu, South Cotabato noong Disyembre 3, 2017 ng mga elemento ng 33rd IB, sa pamumuno ni Lt. Col. Harold Cabunoc, at 27th IB sa pamumuno ni Lt. Col. Benjamin Leander

• Ang reyd at panganganyon ng 20th IB sa pamumuno ni Lt. Col. George Domingo sa isang *mass clinic* ng BHB noong Disyembre 16, 2017 sa Catubig, Northern Samar.

• Ang apat at kalahating oras na paghuhulog ng bomba at panganganyon noong Mayo 25, 2017 sa ilang barangay sa President Roxas, North Cotabato at Damulog, Bukidnon na kakombina ang operasyon ng 39th at 72nd IB.

• Ang paghuhulog ng bomba sa ilang barangay sa labas ng Batangas City noong Setyembre 24, 2017 ng 730th Combat Group ng Philippine Air Force at ng 202nd IBde.

• Ang pagpatay sa 19-taong estudyanteng Lumad na si Obillo Bay-ao ng mga elemento ng CAFGU noong Setyembre 5, 2017 sa Talaingod, Davao del Norte.

• Ang pagpatay kay Makinit Gayuran, isang buntis na Lumad, at pagkasugat ng limang menor-de-edad dulot ng walang patumanggang pamamaril noong Hunyo 31, 2017 ng mga paramilitar ng 8th IB na pinamumunuan ni Butsoy Salusad.

# Bigay na *drone* ng US, gagamitin laban sa mamamayan

Noong Marso 13, tinanggap ni Department of National Defense Sec. Delfin Lorenzana mula sa imperyalistang US ang anim na *unmanned aerial system* (UAS o pakete ng mga *drone*) na Insitu ScanEagle 2 na ipinagmayabang ni Rodrigo Duterte noon pang nakaraang taon.

Ang naturang mga UAS ay inutang ng Pilipinas sa halagang $13.76 milyon sa ilalim ng Foreign Military Financing ng US, kung saan pinauutang ng US ang mga kaalyado nitong mga bansa para bumili ng kanilang sobra o luma nang mga gamit pandigma.

Bahagi rin ang mga ito ng suporta ng US sa kontra-insurhensyang kampanya at pasistang paghahari ni Duterte alinsunod na rin sa bagong misyon ng US sa bansa na tinaguriang "Operation Pacific Eagle-Philippines."

Taong 2007 unang ginamit ng US ang ScanEagle sa mapanghimasok na mga gera nito sa mga bansa sa kanlurang Asya. Kaya umano nitong manatili sa himpapawid sa loob ng 16 oras, sa taas na 10,000 talampakan, kumuha ng matataas na resolusyon na mga bidyo at larawan, at kayang sundan ang makilos na target. May kakayahan din umano itong tumukoy ng *electronic signal*, liwanag mula sa *electronic gadgets* at *thermal imaging*.


Sa pahayag ni Duterte noong Hulyo 2017, gagamitin diumano ang nabanggit na mga *drone* sa kanyang gera "kontra-terorismo." Sa ngalan ng gerang ito, todo-buhos ang pondo ng rehimen para sa modernisasyon ng mga kagamitang pandigma ng AFP.

Ang totoo, nakatuon ang mga *drone* sa pangwawasak at paghasik ni Duterte ng teror sa mga komunidad na tinuturing niyang base ng rebolusyonaryong kilusan, gayundin sa mga komunidad ng mamamayang Moro. Patitindihin ng paggamit ng mga ScanEagle *drone* ang utos ni Duterte sa AFP na "patagin ang mga kabundukan." Gagamitin nito ang pagturing sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan bilang "terorista" para atakehin ang lumalabang mamamayan at kontra sa kanyang rehimen.

Pinaiigting din ng US ang interbensyon nito sa bansa sa pamamagitan ng pagsasanay sa AFP sa pagkontrol ng mga naturang *drone*. Kapalit ng ayudang militar, pumasok ang Pilipinas sa tagibang na kasunduang EDCA at VFA na nagbibigay sa mga tropa ng US ng karapatang ekstra-teritoryal na kumilos saanman sa bansa at ipwesto ang kanilang mga kagamitang militar sa mga itatayong base at pasilidad sa loob ng mga kampo ng AFP. Sa ulat mismo ng mga upisyal ng militar, may 107 sundalong Amerikano ang naglulunsad ng sarbeylans sa mga probinsya ng Zamboanga, Basilan, Sulu at Tawi-tawi. Inihahanda na rin ang magiging base nito sa Marawi City.

Mahaba na ang rekord ng paglabag ng US sa mga batas ng digma sa paggamit ng kanilang mga *drone* laban sa mga sibilyan. Pangunahing gamit ito bilang reimporsment sa paghulog ng bomba ng US sa mamamayan ng Yemen, Pakistan, Somalia at Afghanistan sa banderang "kontra-terorismo," alinsunod sa patakaran ng Central Intelligence Agency at Pentagon na barilin ang sinumang kumikilos. Mahigit nang 6,000 sibilyan sa iba't ibang panig ng mundo ang biktima ng paggamit ng US ng *drone* sa mga gera. Ganito rin ang nangyari kamakailan sa Marawi. Gamit ang *drone* mula sa US, nagawa diumano nitong tukuyin ang pwesto ng grupong Maute at ni Isnilon Hapilon. Subalit daan-daang bomba naman ang inihulog para pulbusin ang syudad na nagresulta sa libu-libong residenteng bakwit. Ito ang gustong gawin ni Duterte sa buong bansa. Wala pa man ang mga *drone*, masugid na niyang tinutugis at tinatarget ang mga aktibista at masa. Pinapaslang o di kaya'y sapilitang pinasusurender bilang mga kasapi umano ng BHB ang mga magbubukid at binobomba ang kanilang mga komunidad.

Sa kasalukuyan, hindi bababa sa 13 *drone system* ang hawak ng AFP. Dagdag ang ScanEagle sa RQ-11B Raven, Raptor, Knight Falcon, Predator at Hermes 900 at pagaganahin ng 300th Air Intelligence and Security Wing ng Philippine Air Force. AB



# Mga pasistang hakbang tungong diktadura

Patuloy na ipinatutupad ng rehimen ang mga pasistang maniobra na naglalatag ng inaambisyong diktadura ni Rodrigo Duterte. Magkasunod na itinulak ni Duterte at ng kanyang mga alipures ang Republic Act 10973 na nagbibigay-kapangyarihan sa Philippine National Police na mag-utos ng subpoena, at ang Senate Bill 1738 na naglalayong magpatupad ng pambansang sistema ng identipikasyon *(national ID system)*.



Ang kaalyado ni Duterte na si Sen. Panfilo Lacson, dating upisyal ng Philippine Constabulary-Integrated National Police (PC-INP) at naging hepe ng PNP, at bantog na tauhan ni Marcos at manonortyur, ang siyang nagpadrino sa SB 1738 at RA 10973.

Simula noong Marso 12, niratsada ng Senado ang magkasunod na mga pagdinig sa SB No. 1738 hanggang aprubahan ito ng Senado noong Marso 19. Ang SB No. 1738 ang katugon ng House Bill 6221 na una nang inaprubahan ng Kongreso noong Setyembre 2017. *(Basahin sa* Ang Bayan *Setyembre 7, 2017)*

Bago nito, tahasang sinabi ni National Security Adviser Hermogenes Esperon, Jr. noong Marso 8 na ipatutupad ng gubyernong Duterte ang national ID system ngayong taon kahit hindi pa ito naisasabatas.

Katulad ng sa Kongreso, ang panukalang batas ng Senado para sa *national ID system* ay maglalaman hindi lamang ng mga batayang impormasyon (pangalan, petsa ng kapanganakan, taas, timbang, at iba pa) at *biometrics* (de-kompyuter na pagkuha ng imprenta ng mga daliri, mata, boses at mukha), kundi maging mga pampersonal na impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan ng isang indibidwal.

Noon namang Marso 1, pinagtibay ni Duterte ang Republic Act 10973 na nagbibigay sa hepe ng Philippine National Police (PNP) at sa pinuno ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) na mag-*subpoena* o magpatawag ng sinumang indibidwal para umano magbigay ng testimonya o ebidensya. Iniikutan ng batas na ito ang ekslusibong karapatan ng korte na maglabas ng mandamyento para magbigay ng testimonya o dokumento.

Noong 1975, ang kapangyarihan ng pag-*subpoena* ay ibinigay ng dating diktador na si Ferdinand Marcos sa noo'y PC-INP at Criminal Investigation Service (tagapagpauna ng CIDG). Kaakibat ng Arrest, Search and Seizure Order (ASSO) at Presidential Committment Order (PCO) at Presidential Detention Action na nagbigay kapangyarihang magaresto at magdetine sa presidente o kalihim ng depensa. Nagresulta ito sa malawakang pag-aresto, pagtortyur at pagpatay sa mga pinagdudahang kalaban ng kanyang gubyerno.

Sinalubong ng mariing pagkundena mula sa iba't ibang grupo at personalidad ang *national ID system* at kapangyarihan ng PNP na mag-*subpoena*. Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, pira-pirasong ipinatutupad ni Duterte ang naturang mga batas na magkukumpleto sa kanyang diktadura sa buong bansa nang hindi pormal na nagdedeklara ng martial law. Binatikos naman ng Karapatan ang mga alagad ni Duterte na nagtulak at sumuporta sa naturang mga batas dahil ginagawang lehitimo ng mga mambabatas na ito ang panunupil sa mga grupo at indibidwal na kritiko ng rehimeng Duterte.

Nagpahayag din si Rep. Carlos Zarate ng Bayan Muna na labag din sa soberanya ng bansa ang National ID system. Ibinunyag ng kongresman na ang pag-iimbakan ng mga titipuning impormasyon mula sa milyun-milyong Pilipino ay ang kumpanyang US na UniSys. Ani Zarate, pumasok ang Philippine Statistics Authority sa kwestyunableng kontrata na nagkakahalaga ng P1.6 bilyon at nagbibigay-awtoridad sa dayuhang kumpanya na kontrolin ang sistema ng rehistro ng bansa mula Marso 2017 hanggang 2029.

Gayundin, nagkaisa ang mga abugado ng National Union of People's Lawyers (NUPL) at Center for International Law (CenterLaw) sa pagtuligsa sa kapangyarihang mag-*subpoena* ng PNP. Ayon sa dalawang grupo, lansakang nilalabag ng RA 10973 ang karapatan ng mamamayan sa buhay at kalayaan, laban sa iligal na pagdakip at paghalughog, at sa karapatan ng mga inaaresto.

Kinontra rin ni dating senador Aquilino Pimentel Jr. ang naturang batas at nanindigang dapat manatili sa mga korte ang kapangyarihang mag-utos ng *subpoena*. Ani Pimentel, ito ang dahilan kung bakit nila tinanggal sa PC-INP ang naturang kapangyarihan nang isinulat ang batas na nagbuo sa PNP noong 1991 bilang kahalili ng PC-INP.

Nauna nang kinundena ng PKP ang national ID system bilang sandatang mapaniil na rehimeng US-Duterte para malawakang magmanman at supilin ang paglaban ng mamamayan, at gayundin upang patahimikin ang kanyang mga karibal sa pulitika. Matagal nang itinutulak ng AFP at PNP at ng kanilang mga tagapayong militar mula US ang gayong sistema ng sentralisadong pag-iipon at pag-imbak ng mga personal na impormasyon para sa paniniktik. AB

# Boracay, pinag-aagawan ng iilan

Noong Pebrero 9, inihayag ni Duterte sa isang pagtitipon sa Davao city ang planong isara ang Boracay dahil diumano sa polusyon na nilikha ng mga *resort* sa isla at sa kapabayaan ng lokal na gubyerno nito na striktong ipatupad ang mga batas hinggil sa pagpapanatili ng kalinisan sa lugar. Tinawag niyang malaking pusali ang Boracay at nagbantang isasara ang lugar nang isang taon. Agad din nitong inutusan ang Department of Environment and Natural Resources na linisin ang Boracay sa loob ng anim na buwan.

Masugid namang tumalima ang mga alyado ni Duterte sa Senado hinggil sa isyu ng Boracay. Marso 2, nagsimula ang kanilang imbestigasyon, nanguna rito si Sen. Cynthia Villar na tagapangulo ng Senate Committee on Environment and Natural Resources. Agad itong nagpatawag ng *public hearing* sa Boracay at inspeksyon sa mga komersyal na gusali sa lugar. Masigasig din nitong tiningnan ang mga pasilidad ng mga *resort* at ng Boracay Island Water Company.

Giit ni Villar, dapat ang lumabag lamang sa patakaran hinggil sa sanitasyon sa lugar ang ipasara at huwag isara ang buong isla. Gamit ang dahilang 'bad publicity' kung isasara ang Boracay hindi iniuulat ni Villar na maaapektuhan ang mga ari-arian ng kanyang pamilya na *hotel* at mga *condominium* na nasa ilalim ng kanilang korporasyon na Costa de la Vista na minamaneyds ngayon ng kanyang asawang si Manny Villar. Tuloy tuloy pa itong nagdedevelop sa lugar.

Resulta din ng kanilang diumano'y imbestigasyon ang 800 *resort* sa Boracay na ngayon ay humaharap sa samu'tsaring paglabag.

Tusong ginagamit ni Duterte at mga alyado nito ang pagkasira ng kalikasan at kalinisan sa Boracay para bigyang daan ang sariling mga interes, interes ng malalaking burgesyang komprador na barkada nito at dayuhang korporasyon.

Noong Disyembre 7, 2017 nakipagkita si Duterte sa negosyanteng si Dr. Lui Che Woo, bilyunaryong may-ari ng Galaxy Entertainment Group Limited mula sa Hong Kong at mga kinatawan ng Leisure Resorts World Corporation para pag-usapan ang plano nitong pagtatayo ng $300-$500 milyong *resort* at *casino complex* sa Boracay bilang bahagi ng pagpapatibay diumano ng relasyon ng China at ng Pilipinas. Planong saklawin ng itatayong *resort* at *casino* ang may 23 ektarya sa Barangay Manoc-manoc.

May-ari ng Leisure Resorts World Corporation ang kinatawan ng Negros Occidental na si Rep. Alfredo Benitez, na sumuporta kay Duterte noong eleksyong 2016. Si Benitez ay kasapi ng partidong PDP-Laban at lider ng Visayan bloc sa House of Representatives.

Dagdag pa sa mga konstruksyon sa isla ang inihayag ng DoubleDragon Properties Corporation noong Pebrero 1 na plano nitong pagtatayo ng Hotel101 Resort sa Boracay Newcoast ng Global-Estate Resorts Incorporated na kasosyo ng Megaworld Corporation. Magiging pinakamalaking hotel ito sa buong bansa. Ang may-ari nitong sina Edgar Sia II at Tony Tan Caktiong (may-ari ng Jollibee) ay kapwa sumuporta kay Duterte noong halalan.

Matapos nito, idineklara ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) na ititigil muna ang pagtatayo ng dagdag pang *casino* sa bansa at papayagan lamang ang mga kumpanyang nakapagpasa ng kanilang aplikasyon noong Enero kabilang rito ang bagong casino na planong itayo ng alyado at hinihinalang *dummy* ni Duterte na si Dennis Uy sa Clark, Pampanga.

Ang tunay na layunin ng pagsasara ng Boracay ay pagbibigay daan sa mga proyekto ng pribadong korporasyon. Kapalit nito ang pagkawasak ng kabuhayan ng 90,000 manggagawa at mahigit 1,000 mga tahanan at iba pang istruktura na tinukoy ng DENR.

Sa gitna ng tumitinding tunggalian sa pagitan ng iilang mga dayuhan at malalaking negosyo, ang mamamayan ang higit na apektado. Sa mahigit isang buwan ng gawa-gawang imbestigasyon, wala pa ring malinaw na programa ang binuong inter-agency task force ng DENR, DOT at DILG, para sa maaapektuhang mga manggagawa at residente ng isla. Unti-unti na ring sumisingaw ang tunay na balakin ng rehimen sa pakana nitong pagpapasara ng Boracay.

Ang totoo, malaon nang kontrolado ng iilang dayuhan at pribadong interes ang isla. Sa ngalan ng turismo at kita, noon pang taong 2000 may mahigit nang 2,000 katutubong Ati ang napalayas at inagawan ng lupa para bigyang daan ang negosyo at pribadong korporasyon sa isla. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang panawagan ng mamamayang Ati na ibalik sa kanila ang lupang kinamkam at ng hustisya para sa pinaslang nitong lider na si Dexter Condez noong Pebrero 2013. AB



# Pandarahas ng AFP, tumitindi

Tuloy-tuloy pa rin ang pandarahas at pamamaslang ng militar sa mando ng kanilang among si Rodrigo Dutere sa buong bansa. Ang mga pahayag ni Duterte kamakailan na siya ang mananagot para sa kanyang mga sundalo ang nagbibigay lisensya sa AFP na higit pang magkalat ng teror at takot sa mga paaralan, pagawaan, sa mga komunidad lalo sa kanayunan.

Walong mga guro ng Salupongan Ta Tanu Igkanogon Community Learning Center, kasama ang apat nilang anak at 12 estudyante, ang hinarang ng mga miyembro ng paramilitar na Alamara noong Marso 19 sa Sityo Igang, Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte. Patungo sana ang mga ito sa Sityo Nasilaban, Barangay Palma Gil upang ihanda ang gaganaping *moving up ceremony* o *graduation* ng mga mag-aaral sa Marso 22.

Ayon sa mga guro, matapos harangin ng Alamara, dumating ang mga tropa ng 67th IB sa lugar at hinalughog ang kanilang mga gamit. Kinunan ang mga ito ng litrato pati ang dalawang sanggol. Mahigit isang oras silang idinetine ng mga elemento ng Alamara at AFP bago pahintulutang tumuloy sa Sityo Nasilaban.

Labing siyam na mag-aaral sa kolehiyo mula sa Tandag City ang iligal na idinetine ng walong elemento ng 16th Special Forces ng AFP at dalawang tropa ng PNP sa Barangay Tina, San Miguel, Surigao del Sur noong Marso 18. Dumalo ang mga ito sa *graduation program* ng Hayon Community Learning Center ng paaralang Lumad na TRIFPSS sa Barangay Libas Sud, San Miguel.

Pinababa sila sa kanilang sasakyan, hinanapan ng ID at pinasulat ang personal na impormasyon sa kanilang *logbook*. Tumanggi silang kunan ng litrato ng mga militar, at nang nagtanong ng dahilan ng pagharang sa kanila, binantaan pa silang tatadyakan ng mga militar. Tumagal ang interogasyon ng halos dalawang oras. Tinakot rin ng mga myembro ng PNP ang mga estudyante na ipapasa ang kanilang mga pangalan sa NBI, kung sasama pa diumano ito ulit sa katulad na aktibidad, ibibilang sila sa *blacklist* at hindi na makakahanap ng trabaho.

Marso 12, sapilitang pinapirma bilang mga sumurender na mga kasapi umano ng BHB sina Jocelyn Zamora, gurong Lumad sa MISFI *academy*, Jacquelyn Casilong at Jeffrey Catalino na mga kasapi ng PTCA sa Barangay Salvacion, Trento, Agusan del Sur. Pinatawag ng 25th IB ang mga ito sa munisipyo ng Trento. Doon nila nakita ang mahigit 100 sundalo at 70 katao, karamihan ay mga residente ng Trento, na pumipirma sa papel habang kinukunan ng litrato at bidyo ng mga militar. Pinipigilan rin ang lokal na mga upisyal na pumasok sa munisipyo. Pwersahan silang pinasulat ng mga personal na impormasyon at mga pangalan sa isang *attendance sheet*. Kabilang sa impormasyong hiningi sa kanila ang mga aktibidad ng MISFI at pinagmumulan ng kanilang pondo. Kinwestiyon din ng AFP ang kakayahan ni Zamora na magturo samantalang hindi naman umano ito nakapasa sa *licensure exams*.

Dahil tumangging makuhaan ng litratong hawak ang mga papel na kanyang pinirmahan, pwersahan na lang na pinasali si Zamora sa iba pang mga residente sa kinukunang bidyo kung saan sapilitan silang pinagsasabing boluntaryo silang sumuko at nagpapasalamat sa 25th IB. Binantaan din silang hindi palalayain kung hindi sumunod.

Nagtungo naman ang mga elemento ng 8th at 88th IB sa komunidad ng mga magsasaka na kasapi ng Buffalo-Tamaraw-Limus (BTL) sa Musuan, Maramag, Bukidnon noong Marso 6. Ayon sa isang kasapi ng BTL na si Ronilo Menente, hinahanap ng mga sundalo ang kanilang mga lider at mga pangalan nito. Inakusahan pa diumano silang mga tagasuporta ng BHB.

Dalawang magkasunod na araw na ring nananatili ang mga tropa ng AFP at PNP sa loob ng UP Cebu gamit ang dahilang 'walang ibang makitang Landbank ATM sa kanilang dadaanan'. Noong Marso 14, tatlong unipormadong pulis at isang nakasibilyan ang muling nakita sa loob ng unibersidad at tumigil ng 20 minuto.

Noong Marso 9, nagpaikot naman ng sarbey sa loob ng UP Manila ang PNP na may titulong "The Role of Social Media to Student of University of the Philippines on Violent Extremism and Insurgency." Layunin nito na maghasik ng takot sa mga mag-aaral at mangalap ng impormasyon.

Apat na barangay naman sa Guimba, Nueva Ecija ang pinakatan ng tropa ng 69th IB mula sa Fort Magsaysay. Ito ay ang magkakasunod na barangay sa Manggang Marikit, Yuson, Bagong Barrio at San Agustin. Tig-siyam na sundalo ang nakatigil sa *barangay hall* ng apat na barangay.

Nagpahayag ng pag-aalala ang mga residente hinggil dito dahil nangyari na ito noong panahon ni Ret. Gen. Jovito Palparan na nagpakalat ng pandarahas, takot at pamamaslang sa lugar.

Nagdulot naman ng matinding pinsala sa kabuhayan at ari-arian ang pagsalakay ng tropa ng 2nd IB, 5th RPSB, PPSC, RIU at MICO sa mga baryo ng Talisay, Lahong, Altavista at Buenavista, bayan ng San Fernando, Ticao, Masbate noong Marso 15.

Ayon sa mga residente, tila mga bayarang maton ang mga sundalo at pulis na sumira at nagnakaw ng kanilang ari-arian. Kabilang sa mga ninakaw ang anim na bangkang de motor, dalawang lambat, bangkang de sagwan, tatlong sakong bigas, apat na baboy, 49 na manok, 10 kambing, pitong itak at limang *generator*.

*...sundan sa pahina 11*

# Ka Bendoy, martir ng Bicol

Walang kalaban-labang pinaslang ng mga elemento ng PNP Regional Office 5 at 9th ID si Alfredo "Ka Bendoy" Merilos, 56, noong Marso 15 sa Camella Heights Subd., Barangay Cararayan, Naga City. Si Merilos ay isa sa mga lider ng rebolusyonaryong kilusan sa Bicol at nagpapagamot nang siya ay patayin.

Kasamang pinatay ang sibilyan na si Liz Ocampo, kaibigan ni Merilos at dating OFW na may-ari ng bahay na pinangyarihan ng insidente.

Ayon sa isang nakaligtas na sibilyan na kasama nina Merilos at Ocampo, nagkukuwentuhan sila sa loob ng bahay bandang alas-9 nang gabi nang pwersahang pumasok ang dalawang lalaking hindi naka-uniporme at hindi nagpakilala. Nang umalma si Ocampo at nakatatawag na ng pansin ng mga kapitbahay, pinutukan na ito ng isa sa mga lalaki. Sa gitna ng komosyon, nakapuslit ang sibilyan na huling nakita si Merilos na nakaupo.

Taliwas ito sa pahayag ng AFP at PNP na nanlaban umano sina Merilos habang naghahapag sila ng mandamyento de aresto. Walang dalang mandamyento ang mga pumatay kina Merilos at Ocampo. Sa pahayag sa midya, ang sinabi ng tagapagsalita ng militar at pulis ay isa diumanong Joey Fajardo ang kanilang target.

Naglabas din ang mga pwersa ng estado ng pekeng mga ebidensyang baril at granada, ngunit inilihim sa publiko ang ninakaw nilang mga alahas at perang impok ni Ocampo, gayundin ang pondo ng rebolusyonaryong kilusan para sa pagpapagamot ni Merilos sa sakit sa puso, altapresyon at diabetes.

Sa parangal na ibinigay ng BHB-Bicol at ng NDF-Bicol, binigyang pugay ang mahigit tatlong dekada niyang pag-alay buhay para sa rebolusyon. Namulat si Ka Bendoy habang estudyante pa lamang siya sa hayskul bunga ng matinding ligalig sa pulitika at ekonomya noong panahon ng batas militar.

Naging aktibo siya sa paglaban para sa karapatan ng mga estudyante at kumukuha ng kursong Mechanical Engineering sa Bicol University. Ang aktibismong ito ang nagpaningas sa kanyang habambuhay na panatang itulak ang demokratikong mga karapatan ng bawat aping uri at lumahok sa pagbubuo ng lipunang malaya sa pagsasamantala at pang-aapi. Matapos magtapos, at sa kabila ng mga posibilidad ng malaking sweldo, pinili ni Ka Bendoy na kumilos bilang pultaym na organisador sa mga paaralan at komunidad sa kalunsuran. Tumungo siya sa kanayunan noong 1985 at kumilos bilang Pulang mandirigma. Bagamat naharap sa matinding mga operasyong militar at pansariling mga pagsubok, nahubog si Ka Bendoy, sa pamamagitan ng paggabay ng Partido at pagpuna, bilang isang kadre na may matibay na kapabilidad para sa pulitiko-militar na pamumuno.

Naging bahagi siya ng Regional Instruction Bureau mula 1986-1990, kung saan ibinahagi niya sa mga mambabasa ng Silyab (ang panrehiyong publikasyon ng Partido) ang talas ng mga pananaw ng Partido sa pamamagitan ng makukuwelang komiks. Mula 1991-1997, gumampan siya ng susing tungkulin bilang upisyal sa pulitika ng iba't ibang sandatahang yunit pampropaganda sa Sorsogon at Camarines Sur. Naging kalihim siya ng isang larangang gerilya noong 1997 at di naglao'y naging regular na kagawad ng panrehiyong komite ng Partido noong 1998. Pinamunuan niya ang mga komiteng prubinsya ng Camarines Sur at Camarines Norte sa mga taong 2005-2012 at nahalal bilang regular na myembro ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon. Naging bahagi siya ng Kalihiman ng KT-KR at pagsapit ng 2016, ay naging delegado ng ikalawang kongreso ng PKP at nahalal bilang regular na myembro ng Komite Sentral.

Ang kanyang malawak na karanasan sa pagbubuo ng Partido, pamumuno sa hukbo at pagsapol sa mga pangangailangan at adhikain ng batayang masa ang naging praktikal na gabay para sa mga susunod na henerasyon ng mga kadre ng Partido. Maaalala si Ka Bendoy bilang kasamang madaling lapitan dahil sa kanyang nakatatawang mga kwento at mga pakwela, ngunit matatag sa paninindigan kapag hinihingi ng kalagayan, laluna pagdating sa mga patakaran ng Partido. AB

---

*"Pandarahas..." mula sa pahina 10*

Pinangunahan ang operasyon ng kumander ng batalyon na si Lt. Col. Oliver F. Gabun. Nagpatawag ito ng pulong sa Barangay Talisay at dinaluhan ng mga taong takot na takot na mapagbalingan kung hindi dadalo sa patawag nito. Habang nagpupulong ay nilimas na ng mga sundalo at pulis ang mga alagang hayop at mga ari-arian ng mga residente.

Samantala, Marso 16, pinatay si Jerry Adolfo, lider ng Sangandaan-Panghulo-Polo JODA, sa kahabaan ng M.H. Del Pilar, Tugatog, Malabon City. Ang suspek ay umupo sa likod ng minamaneho nitong jeep at binaril siya sa ulo sa harap ng kanyang mga pasahero.

Nasawi rin noong Marso 7 si Fe Delos Santos, 63, nang barilin siya ng mga elemento ng 85th IB sa kanyang tahanan sa Lopez, Quezon. Nagtamo siya ng anim na tama sa tiyan. Nadala pa sa ospital ang biktima subalit binawian na rin ng buhay kinabukasan. Si Nanay Fe ay ina ng inaakusahang Pulang kumander ng BHB-Quezon na nasa ilalim ng Apolonio Mendoza Command. AB

Sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis

# Kababaihan, nagmartsa laban sa tiranikong paghahari ni Duterte

Libu-libong kababaihan sa iba't ibang bahagi ng bansa ang nagtipon upang gunitain ang ika-110 na taon ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis. Nanguna sa pagkilos ang grupo ng progresibong mga kababaihan na Gabriela na nangakong bibiguin ang nagbabadyang diktadura ni Duterte. Tinawag nila itong pinakamarahas, anti-kababaihan at makadayuhang pangulo sa buong kasaysayan ng pangulo sa bansa.

Dala ang *effigy* na tinawag nilang 'Mad Dog-ong', inilalarawan nito ang patuloy na atake ni Duterte sa kanyang mga kritiko at kababaihan.

Nagtipon ang mga raliyistang kababaihan at mga taga-suporta nito sa Liwasang Bonifacio kung saan sila nagmartsa tungong Chino Roces Bridge malapit sa palasyo ng Malacañang. Ayon sa grupo, ang pangakong pagbabago ni Duterte ay para lamang sa interes ng iilan.

Sa ilalim ng gubyerno ni Duterte pataas nang pataas ang bilang ng walang hanapbuhay. Noong 2017, umabot na sa 2.44 milyon ang walang trabaho, ayon sa Center for Women's Resources. Kinundena rin ng Alliance of Concerned Teachers ang pinalaki pang sahod ng pulis at militar samantalang ang ibang empleyado ng gubyerno ay kinalimutan. Inihayag din ng dating kalihim ng Department of Social Welfare and Development na si Judy Taguiwalo ang napakalaking bilang ng kontraktwal na empleyado sa burukrasya ng estado.

Nagpugay naman ang mga dumalo sa libu-libong maralita na nag-okupa sa mga nakatiwangwang na pabahay sa Pandi, Bulacan. Malaking bilang sa nanguna rito ay mga kababaihan. Hinimok rin ng Kadamay ang mga walang tahanan na lumahok sa kilusang *Occupy Pabahay* at ipaglaban ang kanilang karapatan para sa disenteng paninirahan.

Samantala, ang delegasyon mula sa Pandi ay hinarang ng kapulisan. Aabot sa 28 dyip ang pinigilang makatuloy sa protesta sa Maynila. Naghagis ng pako sa mga gulong at kinumpiska ang mga lisensya ng mga nagmamaneho ng sasakyan. May ilan pa ring nakadalo sa pagtitipon.

Binatikos rin ng mga kababaihan ang repormang batas sa pagbubuwis na TRAIN kung saan higit pang nagpamahal ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Naglunsad din ng katulad na pagkilos ang daan-daang mga kababaihan mula sa Gabriela Southern Tagalog sa Crossing, Calamba, Laguna. Binigyang-diin sa selebrasyon ang isyu ng mga manggagawang kababaihan na patuloy na dumaranas ng diskriminasyon sa loob ng pagawaan.

Naglunsad ng *caravan* mula sa Jaro District, Iloilo tungong University of the Philippines-Visayas ang mga grupo ng kababaihan at tagasuporta nito. Tampok sa kanilang inilunsad na programa ang tumitinding pang-aabuso sa kababaihan, tumataas na presyo ng bilihan at batayang serbisyo.

Sa Davao City, nagmartsa ang iba't ibang grupo sa pangunguna ng Gabriela upang kundenahin ang kawalang-pananagutan sa mga krimen laban sa kababaihan sa panahon ng *martial law* ni Duterte sa Mindanao at ang tumitinding kalagayang pang-ekonomya na dulot ng TRAIN law.

Ginunita noong ika-8 ng Marso ang ika-110 taon ng Araw ng Kababaihan, nilahukan ito ng libu-libong kababaihan at maging ng iba't ibang sektor ng lipunan mula sa kabataan, manggagawa, magsasaka at iba pa. Nagtipun-tipon sila sa Liwasang Bonifacio at kinahapunan ay tumuloy sa Mendiola upang doon itambol ang kanilang panawagan ng paglaban sa pahirap at pasistang diktadura ng rehimeng US-Duterte.

May katulad ding pagkilos sa Tuguegarao, Baguio, Sorsogon, Legazpi, Bacolod, Cebu, Roxas, Butuan at General Santos.

Pinangunahan naman ng Red Detatchment of Women-Panay ang paggunita sa Araw ng Kababaihan. Ang Red Detatchment of Women-Panay ay binubuo ng mga lokal na yunit milisya at mga pultaym na kasapi ng BHB. Bilang bahagi ng programa, sumayaw ang may isang platun ng kababaihang mandirigma ng One Billion Rising.

Sa pahayag ng NDFP-Mindanao, inalala nito ang pagsisikhay ng mga proletaryadong kababaihang Ruso na nagkaisa para maglunsad ng *general strike* at armadong pagkilos na siyang naging hudyat ng Rebolusyong 1917 na humantong sa Rebolusyong Oktubre. Pinagpugayan din nito ang lahat ng kababaihang nag-alay ng buhay sa pagsusulong ng rebolusyon, ang mga kababaihang kadre, kumander at mandirigma ng BHB, mga kababaihang lider masa na masiglang kumilos para organisahin at pakilusin ang mga magsasaka at manggagawa sa pagsusulong ng rebolusyon.

Kinundena naman ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-Southern Tagalog, ang tumitinding pang-aabuso sa kababaihan sa ilalim ng macho-pasistang si Duterte. Pinuna nito ang pahayag ni Duterte na 'barilin na lamang ang mga kababaihang mandirigma sa kanilang ari upang mawalan ng silbi' na lantarang nag-eengganyo sa AFP at PNP na patindihin pa ang kanilang paglabag sa karapatang-tao.

Nagpahayag naman ng pakikiisa ang mga konsultant ng NDFP na sina Concha Araneta at Loida Magpatoc at iba pang yunit ng BHB sa buong bansa. AB

# Mga protesta laban sa tiraniya

Hinarap ng matitindi at papalaking mga protesta ang nagpapatuloy na kontra-mamamayang mga patakaran ng rehimeng US-Duterte at dumarami pang kaso ng paglabag nito sa karapatang tao.

**#NotoJeepneyPhaseout**

Ikinasa noong Marso 19 ng Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (Piston) ang ika-apat na *transport strike* ng mga drayber ng dyip laban sa pakanang 'modernisasyon' ng dyip ng rehimeng Duterte.

Ayon sa PISTON, magpapatuloy ang kanilang protesta hanggang makabalangkas ang rehimen ng makatwirang programa para sa pag-*upgrade* ng dyip.

Inilunsad ang *strike* sa Metro Manila, Cavite, Laguna, Bulacan at Rizal. Muli nilang giniit ang kanilang panawagang ibasura ang diumano'y programang modernisasyon na naglalayong palitan ang mga luma nang klase ng dyip ng mga makinang papasa sa Euro-4 *emission standards*.

Nakiisa rin ang Alsa Jeep (Alyansa Laban sa Phase-Out ng Jeep) sa pagkilos. Naglunsad ang grupo ng *die-in protest* (sama-samang paghiga sa kalsada) sa kahabaan ng España Boulevard, Maynila bilang suporta sa welga.

Ayon kay George San Mateo, pambansang tagapangulo ng Piston, tutol ang kanilang grupo sa programang modernisasyon ng Department of Transportation na magreresulta sa kawalan ng kabuhayan ng libu-libong opereytor at drayber."

"Isa pa, P3 bilyon lang ang inilaan ng Land Bank of the Philippines at Development Bank of the Philippines na pautang para sa mga opereytor at drayber ng dyip," ani San Mateo.

Ibig sabihin nito, 2,000 drayber lamang ang kayang pautangin ng banko. Sa datos ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board, may mahigit 200,000 dyip sa buong bansa.

Nababahala rin ang mga drayber at opereytor na mababaon sila sa utang sakaling mapatupad ang modernisasyon dahil nagkakahalaga ang bawat isang yunit ng P1.6 milyon. Maaari ring mawalan ng kabuhayan ang may 500,000 drayber, 300,000 maliliit na operytor at kanilang mga pamilya na umaasea lamang rito.

Sa Maynila, 100% paralisado ang mga rutang Tayuman-Lardizabal, Novaliches, Tayuman-España, habang 75% ang Cubao, Monumento at 90% Balic-Balic, España, Sangandaan, Las Piñas at Alabang.

Samantala, inihayag naman ng STARTER-PISTON na 95% paralisado ang buong Laguna. Lumahok din sa welga ang mga drayber ng Solidarity of Transport Alliance in Northern Mindanao (Starex). Paralisado anila ng 70% ang Cagayan de Oro City. Nagbanta rin ang Starex-Piston na maglulunsad pa ng paparaming welga hanggang pakinggan ng gubyerno ang kanilang panawagan.

Tinawag namang *fake news* ni San Mateo ang deklarasyon ng suspensyon ng klase ng Malacañang noong Marso 20 hanggang Biyernes dahil umano sa pagpapatuloy ng welga ng mga tsuper. Muling giniit ng grupo na ang itinakdang welga ay para lamang sa araw ng Lunes, Marso 19. Kinundena ng Piston ang paglalabas ng Malacañang ng malisyosong impormasyon upang lituhin ang mamamayan. Bahagi rin ito ng paraan ng rehimen na ipawalang-saysay ang panawagan ng mga drayber at opereytor ng dyip laban sa *phaseout*.

**Ika-23 taon ng pagbitay kay Flor Contemplacion, ginunita**

Noong Marso 17, nagkaroon ng *global day of action* ang mga kasapi ng Migrante International upang gunitain ang ika-23 taong pagbitay kay Flor Contemplacion. Nanguna ang Migrante sa pagkilos sa Mendiola, Manila. Bitbit nila ang mga larawan ng OFW na napaslang at naging biktima ng mapang-abusong *employer*.

Tinawag din nitong 'Bugaw King' si Duterte. Sa ilalim ng kanyang panunungkulan, patuloy na ibinebenta ang mga manggagawang Pilipino sa dayuhang pamilihan. Anila, higit na tumindi ang kalagayan ng mga OFW.

Sa ilalim ng patakarang *labor-export*, napahusay ni Duterte ang pagbebenta sa malaking bilang ng walang trabaho sa bansa sa mga ibang bayan na naglalaway sa mura at sunud-sunurang mga manggagawa. Ang kanyang *deployment ban* sa Kuwait at Middle East, ayon sa Migrante, ay panlalansi lamang upang pahinain ang lumalaking galit ng mga migrante na batid nang ibebenta lamang sila sa mga dayuhang amo.

Nakiisa rin sa Global Day of Action ang mga myembro ng Nagkakaisang Pilipino sa France. Naglunsad rin ng piket protesta ang mga kasapi ng Migrante-Hong Kong sa harap ng Philippine Consulate General sa lugar.

**Protesta laban sa bogus na Free Tuition**

Noong Marso 19, nagkaroon ng pagdinig ang House Committee on Higher Technical Education hinggil sa dalawang resolusyong inihahain ng Kabataan Partylist: Ebalwasyon ng P8 bilyong patakarang Free Tuition at Agarang pagpapatupad ng pagtigil ng matrikula at iba pang bayarin at pagbabalik sa bayaring nakolekta para sa ikalawang semestre ng 2017-2018.

Susunod sana sa adyenda ang pagtalakay sa Implementing Rules and Regulation (IRR) ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act, subalit dahil umano kapos sa panahon ay ipinagpaliban na lamang ito. Ayon sa mga lider-mag-aaral,

upang maksimisahin ang pagkakataon, hiningi na lamang ng mga ito ang sagot ni Commission on Higher Education (CHED) OIC Prospero De Vera hinggil sa agarang pagbalik ng bayaring nakolekta sa mga mag-aaral. Hindi ito direktang sinagot ng CHED at agad na sinara ang pagdinig.

Noong Marso 15, sa paggunita ng mga estudyante sa pagkamatay ni Kristel Tejada limang taon na nakalilipas, panawagan nila ang tunay na libreng edukasyon. Nagrali rin sila sa harap ng CHED upang ipahayag ang kanilang pagkadismaya sa pagkaantala ng paglalabas ng IRR ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act of 2017 at ang patuloy na pagiging komersyalisado ng edukasyon sa bansa.

**Protestang manggagawa**

Koordinadong kilos-protesta naman ang inilunsad ng mga grupo at unyon ng manggagawa sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno noong Marso 15. Nagpunta ang mga manggagawa sa harap ng upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Maynila. Noong Pebrero 7, nangako si Duterte na pipirmahan nito ang isang Executive Order na magwawakas sa anumang porma ng kontraktwalisasyon noong Marso 15 pero hindi ito nangyari.

Ayon kay Ed Cubelo, tagapangulo ng KMU-Metro Manila, pinatatagal ni Duterte ang pambubusabos sa milyun-milyong manggagawa. Aniya, kung hindi nito tatapusin ang endo, si Duterte ang haharap sa endo.

Nagprotesta rin ang mga manggagawa sa kumpanya ng Toyota sa Manila Bay upang papanagutin ang Toyota sa iligal na pagtatanggal sa 237 nitong manggagawa noong 2001. Kinalampag din ng grupo ang upisina ng Toyota Motors Philippines sa Sta. Rosa, Laguna kung saan nagsindi sila ng mga sulo. Pinangunahan ng Liga ng Manggagawa-ST ang nasabing protesta.

Lumahok din ang mga manggagawa mula sa Harbour Centre.

Kasabay nito, naglunsad ng pagkilos ang iba't ibang grupo ng mga manggagawa sa Bacolod City. Nagsimula ang martsa sa Rizal Elementary School tungong opisina ng DOLE sa Bacolod City. Ang protesta ay bilang panawagan kay Duterte na pirmahan na at wakasan ang lahat ng porma ng kontraktwalisasyon.

Noong Marso 14, may isandaang myembro ng Gabay ng Unyon sa Telekomunikasyon ng mga Superbisor (GUTS) ng PLDT sa pangunguna ng KMU ang nagpiket sa harapan ng upisina nito sa Welcome Rotonda, Quezon City. Kinundena ng grupo ang pagpapatuloy ng kontraktwalisasyon at patakarang outsourcing ng PLDT. Ayon pa sa mga manggagawa, bigo ang kumpanyang gawing regular ang mga kontraktwal na manggagawa alinsunod sa kautusan ng DOLE.

**Iba pang protesta**

Marso 13 nagprotesta ang mga kasapi ng Kilusang Mayo Uno sa harap ng Camp Crame, Quezon City bilang pagkundena sa pagbibigay ng *subpoena powers* sa PNP na nagbibigay lisensya sa kapulisan na maramihang mag-aresto sa mga unyonista at aktibista na kontra sa kanyang administrasyon.

Bilang paggunita sa International Day of Action for Rivers and Against Large Dams, pinangunahan ng Katribu ang pagkilos sa harapan ng embahada ng China sa Makati noong Marso 14 bilang pagtutol sa pagtatayo ng mga *mega dam* sa ilalim ng kasunduang Duterte-China.

Sa ilalim ng Chinese Official Development Aid (ODA) popondohan ang planong muling itayo ang *mega dam* sa mga lupaing ninuno sa ilalim ng "Build, Build, Build" ni Duterte. AB

## Buwan ng pakikiisa sa rebolusyong Pilipino

INILUNSAD NOONG MARSO 13 ng Jugendwiderstand (Youth Resistance-MLM), rebolusyonaryong organisasyon ng kabataan sa Germany, ang buwan ng pakikiisa sa digmang bayan sa Pilipinas.

Gaganapin ang mga *seminar* at iba pang aktibidad sa mga bayan ng Stuttgart, Nuremberg, Weserbergland, Magdeburg at Berlin. Sa mga aktibidad na ito, iuulat ang kalagayan ng digmang bayan at rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas at naging karanasan ng kanilang mga miyembro na nakipamuhay ng mahigit isang buwan sa mga rebolusyonaryong base sa bansa. Ang buwan ng pakikiisa ay bahagi ng layuning higit pang patibayin ang pagtutulungan ng mga aktibista at mamamayang Pilipino at ng mga aktibista ng Europe.

Sa mensahe ng pagkilala ni Prof. Joma Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, pinagpugayan niya ang Jugendwiderstand sa pagsuporta nito sa pakikibakang Pilipino para sa pambansa at panlipunang kalayaan. Ang ganitong pasisikap, aniya, ay mahalaga upang mas maipalaganap ang kaalaman ukol sa rebolusyong Pilipino sa mamamayan ng Europe. Maaari rin itong makaimpluwensya sa mamamayan ng buong mundo na paigtingin pa ang kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon.

Magsisilbing tanglaw ang pagsulong ng rebolusyong Pilipino upang pukawin ang marami pang rebolusyonaryo sa Europe, himukin silang maglunsad ng iba't ibang porma ng pakikibaka, magpalitan ng karanasan at aral kasama ang mga rebolusyonaryong Pilipino at makipagkaisa sa pagtataguyod ng diwang internasyunalista at rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. AB